## PAANO ISINASAGAWA ANG PAGTUTULI?


Ihinihiga ang sanggol sa isang board na tinatawag na circumstraint. Naka-strapped down sa board ang mga braso at binti niya para hindi siya makagalaw. Nililinis ang kanyang genitals at nilalagyan ng antiseptic ang kabuuan nito. Tinatanggal ang foreskin mula sa kanyang glans, dinudurog at pinuputol sa pamamagitan ng ispesyal na instrumentong pantuli (o kung minsan, di na gumagamit nito). Karamihan sa mga magulang, pag nakita nila kung paano tuliin ang sanggol at paano ito nagre-react, ayaw na nilang ipagawa ang pagtuli.

Tingnan mo ang surgery sa mga sumusunod:

- tinyurl.com/6ftzovc
- tinyurl.com/3qepl86

## PAANO MO LINISIN ANG BUO O DI-TULI NA PENIS?

Napakadaling linisin ang buo o di-tuli na penis. Hugasan lang ang labas, tulad ng kung paano mo hugasan ang isang daliri. Sapat na ang pagpapaupo sa bata sa batya para malinis ang kanyang penis. Huwag mong hilahin at baliktarin ang kanyang foreskin para linisin ang ilalim na bahagi nito. Di kaya ng mga batang i-retract ang kanilang foreskin. Masakit at baka magkaimpeksyon pag ipinilit ito. Habang nagbibinata, matututunan din niya ang pagre-retract ng kanyang foreskin. Pag kaya na niya ito, pareho rin lang ang paraan ng paglilinis pero kailangan niya nang hugasan ng tubig ang bandang ilalim nito.



**"ANG RUTINARYONG PAGTUTULI AY HINDI ISANG MEDIKAL NA ISYU O ISANG PANLIPUNANG ISYU. ITO AY ISANG SEKSWAL NA ISYU AT ISANG ISYU NG KARAPATANG PANTAO."**
**- FREDERICK HODGES**

## PANRELIHIYONG PAGTUTULI

Madalas isagawa ang pagtutuli sa Islam at Judaismo. Subalit tumitindi ang pagtingin sa panrelihiyong pagtutuli bilang isang paglabag sa kalayaang panrelihiyon at pansarili ng isang bata.

Sa Islam, hindi kinakailangan ang pagtutuli. Ni hindi ito binanggit sa Qur'an. Maraming mga magulang na Muslim ang nagpapasya sa ngayon na hindi na ipatuli ang kanilang mga anak.
Sa Judaismo, karaniwang ginaganap ang pagtutuli sa ika-8 araw pagkatapos ng kapanganakan. Gayunpaman, maraming mga Hudyo (Jews), lalo na ang mga tinaguriang kultural o Reform Jews, ang hindi na ipinatutuli ang kanilang mga anak. Ilan sa mga magulang na ito ang wine-welcome ang kanilang mga anak na lalake sa pamamagitan ng seremonyang tinatawag na Bris Shalom, na di nangangailan ng pagputol ng genital.

Sa pananampalatayang Kristiyano, hindi pina-practice ang pagtutuli, at madalas itong ituring na laban sa relihiyon.

**Mga sangguniang Panrelihiyon**
http://tinyurl.com/MUSLIM-CIRC
JewsAgainstCircumcision.org
BeyondTheBris.com
CatholicsAgainstCircumcision.org

## ADDITIONAL REFERENCES

- CIRP.org
- DoctorsOpposingCircumcision.org
- tinyurl.com/6y8xev5 (Pamamaraan Video)
- tinyurl.com/6yfz4q (Canadian Paediatric Society)


**Children's Health & Human Rights Partnership**

**www.CHHRP.org**
**Western Canada Office: 2200 Oak Bay Avenue**
**PO Box 42037, Victoria, BC, V8R1G0**


# PAGTUTULI SA SANGGOL NA LALAKE

## *Mga Sagot sa Mga Karaniwang Tanong*





*Translation Assistance: Rosario M. Baria, PhD (University of the Philippines, Los Banos) and Iris P. Hunter.*



Filipino CHHRP MIC Brochure.indd 1 2014-06-14 10:31 PM

## ANO ANG PAGTUTULI?

Pagtutuli - ang pagtanggal sa dulong bahagi ng balat ng ari o titi ng batang lalake. Ang dulong balat na ito ang bumabalot at nagpoprotekta sa "glans" o sensitibong bahagi ng titi na tinatawag ding "dulo o ulo ng titi." Karaniwang tinatawag na "foreskin" o lambe ang "double layer" ng balat na ito o "prepuce." Sa pagtutuli, humigit-kumulang sa 50% ng balat ng titi ang natatanggal. Samakatuwid, tinatantiyang 15 square inches (~ 100cm2) ito ng balat ng lalaking nasa hustong gulang.




## ANU-ANO ANG MGA FUNCTIONS NG "FORESKIN" O LAMBE ?

Nasa kalahati o higit pa ang kabuuang bahaging sakop ng "foreskin" o lambe sa balat ng titi. Nagtataglay ito ng napakaraming functions. Sa panahon ng kasanggulan ang "foreskin" ay naka-attach sa "glans" o dulo ng titi at pinoprotektahan nito ang titi mula sa ihi, dumi o tae, at pagkagalos dahil sa diapers o kapaligiran. Habambuhay, pinapanatili ng "foreskin" na malambot at mamasa-masa ang dulo ng titi, at pinoprotektahan ito mula sa trauma at pinsala. Kung wala ang proteksyong ito, nagiging tuyo, calloused (matigas), at desensitized (walang pakiramdam) ang "glans" dahil sa pagkakalantad at pagkaka-kuskos.

**20,000 specialized nerve endings ang nasa foreskin at ang gliding mechanism nito ang nagpapatindi ng sexual pleasure o kasiyahang sekswal para sa mga lalaki at babae.**

## ANU-ANO ANG PINAGMULAN NG PAGTUTULI SA CANADA?

Sinimulan noong mid-1800s ng mga duktor sa kanlurang bahagi ng mga bansang English-speaking ang pagtuli sa mga sanggol upang mapigilan ang "masturbation" na sinisising dahilan ng maraming sakit, gaya ng epilepsy, tuberculosis, pagkabaliw, at pagkawala ng balat. Simula noon, marami pang ibang mga benepisyo ang inangkin, subalit hindi naman napatotohanan ang lahat ng ito. Mula 1975 hindi na inirekomenda ng Canadian Pediatric Society (CPS) ang pagtutuli bilang isang panukat sa kalusugan. Walang medikal na dahilan upang kailangang tuliin ang isang sanggol o bata. Dahil dito, hindi ito sakop ng anumang panlalawigang insurance plan sa Canada.

Gaya ng mga batang lalaking natuli, lumalaki ring malusog at higit pang malusog ang mga batang lalaking hindi natuli. Walang pambansa o internasyunal na asosasyong pang-medikal ang nagrerekomenda ng pagtutuli. Nire-regulate ng ilang mga bansa tulad ng Sweden ang gawaing ito. Sa South Africa hindi pinapayagan ang pagtutuli. Patuloy naman ang pagsasagawa ng pagtutuli dahil sa pangkultural at pangrelihiyong kadahilanan. Maraming mga magulang ang ipinatutuli ang kanilang mga anak dahil natuli ang kanilang ama. Napakalaki rin ng kinikita sa pagtutuli. Isa itong multi- bilyong dolyar na industriya. Bukod sa procedure ng pagtutuli mismo, malaki ang kita mula sa pagbebenta ng mga materyales na ginagamit sa pagtutuli . Ibinebenta rin ang foreskin para sa mga siyentipikong pananaliksik at upang mag-produce ng mga produktong kosmetiko.

## TUTUKSUHIN BA ANG ANAK KONG LALAKE KUNG HINDI SIYA TULI?

Hindi. Hindi siya tutuksuhin. Sa kabuuan, napakadiverse ng bansang Canada at itinatanghal ang maraming pagkakaiba-iba. Paunti na nang paunti ang nagsasagawa ng pagtutuli sa nakalipas na maraming taon. Katunayan, noong 2009, tinatayang nasa pagitan ng 9 -13 % ng mga batang lalaki ang natuli , ibig sabihin, nasa 69-91 % ng mga batang lalaking ito ang hindi tinuli. Inaasahang magpapatuloy ang pagbaba ng trend na ito. Sa isang kaugnay na tala, 85 % ng mga lalaki sa mundo ang hindi tuli.

## MASAKIT BA MAGPATULI?

Oo. Lubhang masakit ang magpatuli - at traumatic - para sa isang sanggol. Nakakatakot sa isang sanggol ang pag- strapped down pa lang sa kanya. Sensitibo sa sakit ang mga sanggol gaya ng sinoman. Nagwawala sa sakit ang karamihan sa mga sanggol kapag pinutol o tinanggal ang kanilang foreskin. Humahantong pa sa coma ang ilan. May mga batang hindi umiiyak kapag tinutuli dahil hindi sila makaiyak, sa dahilang nasa "state of shock" sila. Karamihan sa mga sanggol, tinutuli nang walang anesthesia. Hindi laging gumagana ang anesthetics na ini-inject sa ari ng mga sanggol na lalake. Pagtusok pa lang ng karayom sa ari nila, masakit na. Bihirang bigyan ng pain medication ang mga sanggol matapos silang tuliin o habang nagpapagaling ng mula isang linggo hanggang sampung araw. Hindi laging epektibo ang pain medication at hindi ito 100% effective.

## MAY MGA PANGANIB BA?

Ang panganib ng pagtutuli ay kinabibilangan ng:
* Labis na pagdurugo at / o impeksiyon
* Komplikasyon mula sa anesthetics
* Sikolohikal na mga isyu
* Pagkakamaling surgical (hal., pagkawala ng glans o penis)
* Kamatayan

Maraming mga lalaking natuli ang nagdurusa dahil sa:
* Labis na pagkakapilat (excessive scarring)
* Mga skin tags at skin bridges
* Pagkapunit at pagdurugo sa peklat
* Kurbada ng ari o masakit na erections
* Hirap sa page-ejaculate at/o impotence
* Damdamin ng pagkakaroon ng pag-lumabag o luray,
* Pakiramdam na naabuso at naputulan (mutilated), at mga karagdagang sikolohikal na mga isyu.

**Nawawalan ng bahagya o lahat ng sensitivity sa kanilang glans, at lahat ng sensitivity sa kanilang foreskin, ang lahat ng lalaking natuli.**

**WALANG MGA PAMBANSA O INTERNASYUNAL NA ASOSASYONG MEDIKAL SA MUNDO ANG NAGREREKOMENDA NG MGA NAKAGAWIANG PAGTUTULI SA MGA SANGGOL NA LALAKE.**

